

Pagbibigay-prioridad sa kaligtasan ng manggagawa sa tabi ng kalsada

Agosto 08, 2023

Pinalalakas ng pamahalaan ng Alberta ang mga patakaran para makatulong na protektahan ang lahat ng mga manggagawa sa tabi ng kalsada.

Ang pagpapanatiling ligtas ang lahat ng mga Albertan – mga manggagawa at mga tsuper – sa kalsada ay isang prioridad. Ang Alberta ay isa lamang sa dalawang lalawigan na walang paglipat (move over) na batas, ngunit binago iyon ng pamahalaan ng Alberta.

Upang dagdagan ang kaligtasan para sa lahat ng mga manggagawa sa tabi ng daan, simula Setyembre 1, ang mga nagmamaneho sa linyang pinakamalapit sa anumang sasakyan ng manggagawa sa tabi ng daan na nakahinto sa gilid ng kalsada na may kumikisap na mga ilaw ay dapat magdahan-dahan hanggang 60 km/oras o ang nakapaskil na limit ng bilis, alinman ang mas mababa. Ang mga nagmamaneho ay dapat ding lumipat sa malayong daanan kung ligtas na gawin ito at gumawa ng mga makatwirang hakbang upang payagan ang ibang mga nagmamaneho na lumipat din.

Sa kasalukuyan, ang mga nagmamaneho ng panghilang trak at mga unang tagapagtugon lamang ang pinoprotektahan sa ilalim ng *Batas ng Kaligtasan sa Trapiko (Traffic Safety Act)*, ngunit ngayon ang lahat ng mga manggagawa sa tabi ng daan na nakahinto sa gilid ng kalsada, na gumagana ang kanilang mga kumikisap na ilaw, ay masasakop ng mga proteksyong ito.

Ang bagong panuntunan sa kaligtasan ng manggagawa sa tabi ng kalsada ay ilalapat sa lahat ng mga manggagawa sa tabi ng kalsada, kabilang ang mga unang tagapagtugon, mga opereytor ng panghilang trak, mga manggagawa sa pagpapanatili ng highway at mga opereytor ng snowplow.

Ang pagdadahan-dahan at paglipat para sa lahat ng mga manggagawa sa tabi ng kalsada ay magpapanatili ng kaligtasan ng lahat at magtitiyak na patuloy na dumadaloy nang mahusay ang trapiko. Upang makatulong na ipatupad ang mga pagbabagong ito, ipapataw ang mga multa at

mga demerito para sa mga hindi ligtas na pag-uugali kapag dumadaan sa mga manggagawa sa tabi ng kalsada at mga snowplow.

Mabilis na mga Katotohanan

- Ayon sa Lupon ng Bayad-pinsala sa mga Manggagawa [Workers' Compensation Board (WCB)] ng Alberta, mayroong 2,229 na mga pinsala na kinasasangkutan ng mga manggagawa na nabangga ng sasakyan sa pagitan ng 2014 at 2018.
- Sa pagitan ng Marso 2018 at Marso 2021, mayroong humigit-kumulang 130 mga banggaan na kinasasangkutan ng mga snowplow na kinontrata ng mga Koridor ng Transportasyon at Ekonomiko.
- Noong taglamig ng 2022-23, mayroong 37 mga banggaan na kinasasangkutan ng isang snowplow na kinontrata ng pamahalaan.
- Ang hindi pagsunod sa mga panuntunang ito ay maaaring magresulta sa multa at tatlong demeritong puntos:
 - \$243 at tatlong demeritong puntos para sa hindi pagdahan-dahan sa pinakamataas na limitasyon ng bilis kapag dumadaan sa nakahintong mga manggagawa sa tabi ng kalsada
 - \$243 na multa at tatlong demeritong puntos para sa hindi pagbibigay-daan sa ibang mga nagmamaneho na lumipat sa isang daanan ng trapiko na mas malayo mula sa nakahintong sasakyan na pang-emerhensiya, panghilang trak o sasakyan sa tabi ng kalsada.
 - Isang multa na \$324 at tatlong demeritong puntos para sa hindi ligtas na pagdaan ng mga snowplow.

Kaugnay na impormasyon

- [Kaligtasan ng manggagawa sa tabi ng kalsada](#)

Kaugnay na impormasyon

- [Pagpapatupad ng kaligtasan ng manggagawa sa tabi ng kalsada](#) (Marso 1, 2023)
- [Pagpapabuti ng kaligtasan para sa mga manggagawa sa tabi ng kalsada](#) (Marso 16, 2022)

Multimedia

- [Panoorin ang kumperensya ng balita](#)